# GABAY SA TALAKAYAN: RICE TARIFFICATION LAW

Malawak ang lupaing agrikultural ng Pilipinas at malaki ang potensyal nito para sa lokal na produksyon ng bigas. Ngunit dahil patuloy na umiiral ang malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunan, nananatiling konsentrado sa kamay ng mga panginoong maylupa ang malalawak na lupain. Atrasado, maliitan at hiwa-hiwalay ang pamamaraan ng pagsasaka at talamak ang pagpapalit-gamit ng mga lupaing agrikultural. Hindi nalulubos ang produktibidad ng mga lupaing ito kaya patuloy na pinapasan ng mamamayang Pilipino ang artipisyal na kakulangan sa suplay ng bigas at iba pang pagkain.

Nananatili ang kalunus-lunos na kalagayan ng mga magsasaka dahil sa pagtataguyod ng reaksyunaryong gubyerno sa interes ng malalaking panginoong maylupa, burgesya kumprador at imperyalistang US. Sa pamamagitan ng mga batas at panukala, itinutulak ng papet na estado ang lubusang liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon na ibayong lumulumpo sa lokal na produksyon ng bansa. Habang tahasang pinapahintulutan ng gubyerno ang pagbaha ng mga inangkat na produkto sa lokal na pamilihan, pinadulas naman nito ang pagluluwas ng mga hilaw na materyales at murang lakas-paggawa papunta sa ibang bansa.

## *Ang Rice Tariffication Law at Ang Mahahalagang Punto Nito*

Noong Enero, isinabatas ng rehimeng US-Duterte ang Rice Tariffication Law (RTL). Tugon ito umano ng reaksyunaryong gubyerno sa sumisirit na presyo ng bigas, ang pangunahing pagkain sa bansa, at sa kakulangan ng suplay nito. Alinsunod ang RTL sa Agreement on Agriculture (AoA) ng imperyalistang institusyong World Trade Organization (WTO) na pinirmahan ng Pilipinas at iba pang mga bansa noong 1995.

Sa balangkas ng pagtutulak ng globalisasyon ng WTO-AoA, dapat matanggal ang taripa sa lahat ng inaangkat na produkto ng mga malakolonyang bansa habang malaya naman ang imperyalistang US na protektahan ang kanyang sariling ekonomya at magpataw ng napakataas na taripa sa mga produktong mula sa ibang bansa.

Bago pa man maisabatas ang RTL, inoobliga na ng WTO ang Pilipinas na magpataw ng ‘minimum access volume’ (MAV) sa pag-angkat ng bigas. Dahil dito, taunang nag-aangkat ng bigas ang bansa kahit pa may sapat itong suplay.

Table 1: Ang Taripa, MAV at Porsyentong Katumbas nito sa Lokal na Produksyon ng Bigas

| Taon | Taripa | Minimum Access Volume (MAV), naka metriko tonelada | Porsyentong Katumbas sa Lokal na Produksyon ng Bigas |
|---|---|---|---|
| 1995 – 1999 | 50% | 59,700 | 1% |
| July 2000 – June 2004 | 50% | 119,460 | 2% |
| July 2004 – June 2005 | 50% | 238,940 | 4% |
| July 2005 – June 2012 | 40% | 350,000 | 6% |
| July 2012 – June 2017 | 35% | 805,000 | 7% |

Ang MAV ng WTO ay kapalit ng konsesyon na pansamantalang ipaloob ang bigas sa ‘special treatment clause’ para sa mga sensitibong produktong agrikultural. Hinahayaan nito na panatilihin ang taripa at ang ‘quantitative restrictions’ (QR) o ang limitasyon sa bolyum ng bigas na maaaring iangkat sa bansa.

Ngunit sa bisa ng RTL, tuluyan nang mapapawalambisa ang naturang 'special treatment clause' at mabibigyang-daan ang ganap na liberalisasyon at deregulasyon ng sektor ng agrikultura. Aalisin na ang QR sa bigas at papanatilihin na lamang ang taripa. Pahihintulutan ang direkta, deregulado at malayang pag-aangkat ng malalaking kapitalista ng bigas mula sa ibayong dagat.

Ibababa rin ang halaga ng buwis sa pag-aangkat hanggang sa pinakamababang halagang mapagkakasunduan ng papet na gubyerno ng Pilipinas at ng WTO. Alinsunod sa 'bound rate' ng WTO-AoA, hindi na ito maaaring taasan pang muli kapag naitakda na ang taripa.

Ayon naman sa pag-aaral ng Philippine Institute of Development Studies (PIDS), isang institusyon ng gubyerno, mababawasan ng 29% ang kita ng mga magsasaka dulot ng RTL dahil tinatayang bababa ng aabot sa P4 ang presyo ng lokal na palay. Upang maagapan ang naturang panganib na idudulot ng RTL, binabalak ng gubyernong maglaan ng taunang P10-bilyong pondo para sa Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF).

Gayunpaman, nakasaad din sa mga probisyon ng RTL na limitado lamang ang mga proyektong maaaring paglaanan ng RCEF dahil pinagbabawalan ng WTO-AoA ang gubyerno na magbigay ng direktang ayuda sa mga magsasaka. Dagdag pa, tanging ang mga magsasakang nagmamay-ari ng lupa at malalaking kooperatibang kinikilala ng Department of Agriculture (DA) at nakapagrehistro sa 'Registry System for Basic Sectors in Agriculture' ang maaaring makatanggap ng ayuda mula sa RCEF.

Samantala, tatanggalin din ng RTL ang mga kalakhan sa mga tungkulin ng National Food Authority (NFA) tulad ng pagbili ng bigas mula sa mga magsasakang Pilipino. Titiyakin na lamang nito ang 'buffer stock' at ang bolyum ng bigas na inaangkat ng mga pribadong entidad. Hindi na rin tataasan ng gubyerno ang subsidyo ng NFA para sa pagbili ng palay mula sa mga magsasakang Pilipino at hihikayatin ang ahensya na bumili ng palay sa ngalan ng mga pribadong negosyo at kartel.


Nakaayon din sa mga probisyon ng RTL ang pagbubuo ng isang 'Rice Industry Roadmap'. Sa ilalim ng naturang plano, binibigyang-laya ang paglahok ng mga dayuhang mamumuhunan sa produksyon ng palay sa bansa upang makasabay umano ang lokal na produksyon sa malayang kumpetisyon.

## *Epekto ng Rice Tariffication Law sa Mamamayan*

Matinding panganib sa soberanya at seguridad sa pagkain ang idudulot ng RTL. Tulad ng mga nagdaang neoliberal na patakarang alinsunod sa WTO-AoA, ibubunga nito ang higit na pagkabansot ng sektor ng agrikultura sa bansa habang tinitiyak ang interes ng dayuhang namumuhunan. Ibayong kahirapan at pagkalugmok ng kabuhayan ang haharapin ng mamamayang Pilipino, laluna ng mga magsasaka, sa pagpapatupad ng RTL.

**Una, hindi matitiyak ng RTL na bababa ang presyo ng bigas sa lokal na pamilihan.** Lubhang pabagu-bago ang presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan. May mga panahong tumataas ang presyo nito na hindi na bumalik sa dating antas. Sa ganitong kalakaran inaasa ng gubyerno ang presyo sa lokal na pamilihan ng bigas. Dahil nakasalig na lamang ang bansa sa pag-aangkat, wala itong proteksyon mula sa labis na pagtaas ng presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan. Dagdag pa, kahit sa mga panahong mababa ang presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan, hindi makokontrol ng bansa ang 'hauling charges' at iba pang gastusing ipapabalikat ng mga dayuhan at lokal na kapitalista sa bigas.

***Chart 1: Paggalaw ng Pandaigdigang Presyo ng Bigas mula 1988 hanggang 2016 (US$ kada metriko tonelada)***




Pagpasok naman ng bansa, kontrolado rin ng mga lokal na kartel sa bigas ang presyo nito sa pamilihan. Dahil wala nang anumang restriksyon mula sa gubyerno, lalo pang magiging malaya ang mga kartel na magsabwatan at magtakda ng higit pang mataas na presyo ng bigas sa tabing ng iba't ibang gastusing pinapapasan sa masa tulad ng 'milling cost' at 'marketing cost'. Hindi ito mapipigilan ng gubyerno dahil wala na sa kamay nito ang suplay at distribusyon ng bigas. Kahit pa bumaba ang presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan, hindi ito mangangahulugan na bababa ang presyo ng bigas sa lokal na pamilihan.

*Chart 2: Pandaigdigang Presyo ng Bigas kumpara sa Presyo ng Bigas sa Lokal na Pamilihan (1990-2017)*




*Mapapansing mayroong mga panahong mababa ang presyo ng bigas sa pandaigdigang pamilihan (linyang asul) ngunit mataas pa rin ang presyo ng bigas sa lokal na pamilihan (linyang pula).*
***Dahil ito sa kontrol ng kartel sa suplay at distribusyon ng bigas sa bansa.***

Noong nakaraang mga taon, may mga panahong kahit mataas ang bolyum ng inangkat na bigas ay patuloy ang pagsirit ng presyo nito dahil sa pagkontrol ng mga kartel. Noong 2005, inangkat ng bansa ang pinakamalaking taunang abereyds na 1.8 milyong tonelada ng bigas mula noong 2000. Ngunit noong 2008, pinataas pa rin ng mga kartel ang presyo ng bigas nang P7.99 kada kilo. Noong namang 2008 hanggang 2010, sa kabila ng pag-aangkat ng taunang abereyds na 2.2 milyong tonelada ng bigas, patuloy na tumaas ang presyo ng bigas nang taunang abereyds na P1.20 hanggang 2016.

Gayundin, dolyar ang ginagamit sa pag-aangkat ng bigas. Kung kaya, malaki rin ang inaambag ng debalwasyon ng halaga ng piso sa pagtaas ng presyo ng bigas sa lokal na pamilihan. Bagamat may mga pagkakataong hindi gumagalaw ang presyo nito sa pandaigdigang pamilihan, hinihila pa rin pataas ang presyo ng bigas sa bawat sentimong ibinababa ng halaga ng piso.

**Ikalawa, idudulot ng pagtaas ng presyo ng bigas ang pagtaas ng iba pang bilihin.** Bilang batayang pagkaing kinokonsumo ng mamamayang Pilipino, tataas ang presyo ng bilihin kapag tumaas din ang presyo ng bigas. Dahil mahal na ang bigas, maghahanap ng alternatibo ang mamamayan tulad ng mais o tinapay at tataas ang 'demand' para sa mga produktong ito. Dahil kontrolado rin ng iilang naghaharing-uri ang produksyon at distribusyon ng mga alternatibogn produktong ito, malaya silang itaas din ang presyo ng naturang mga produkto. Tataas din ang presyo ng lahat ng mga produktong mangangailangan ng bigas.

**Ikatlo, hindi masosolusyunan ng RTL ang krisis sa bigas.** Hindi istable ang suplay ng bigas sa pandaigdigang pamilihan. Ang mga bansang nag-eeksport ng bigas ay pana-panahong nagpapataw ng 'export bans' o pansamantalang paghinto ng pagluluwas ng bigas upang matiyak ang kanilang lokal na suplay. Sa ganitong kalakaran, kapag pansamantalang natigil ang suplay ng inaangkat na bigas, tiyak na magdudulot ito ng krisis dahil nakasalig sa pag-aangkat ang bansa at lubhang mahina ang lokal na produksyon nito ng bigas.

Liban pa sa krisis ng bigas dahil sa kakulangan ng suplay nito sa pandaigdigang pamilihan, lalong naging madali sa mga kartel ang gumawa ng mga artipisyal na krisis upang ibayo pang mapataas ang presyo ng bigas. Sa ganap na liberalisasyon at deregulasyon sa bigas, maaaring bumili ng gaanuman karaming bolyum ng bigas ang mga kartel sa panahong mababa ang presyo nito sa pandaigdigang pamilihan, pansamantalang iimbak ang suplay at saka ilabas sa panahong mataas ang presyo nito o kaya ay gipitin ang suplay nito upang palabasing mayroong krisis sa bigas.

**Ikaapat, lulumpuhin ng RTL ang lokal na produksyon ng bigas at ang agrikultura ng bansa. Sa pagbaha ng labis na suplay ng inaangkat na bigas, milyun-milyong magsasaka ang malulugi at mawawalang ng kabuhayan**. Hindi kakayanin ng lokal na produksyon na makipagsabayan sa dayuhang kumpetensya dahil atrasado ang produksyon sa bansa. **Ayon sa gubyerno, kinakailangang umani ang mga magsasaka ng higit sa anim na toneladang palay upang makahabol sa bolyum ng pumapasok na bigas. Ngunit imposible ito dahil atrasado pa rin ang agrikultura sa bansa,** kontrolado ng malalaking panginoong maylupa ang mga kagamitan sa produksyon at nakatali ang mga magsasaka sa mapagsamantalang relasyon sa pagtatanim.

Malulugi lamang ang mga magsasakang susubok sumabay sa pagbaha ng inaangkat na suplay ng bigas. Liban sa pasan niya ang lahat ng gastos sa produksyon, mapipilitan din siyang ibenta ito sa paluging halaga. Malulugi maging ang mga 'local traders' na walang kakayahang makipagkumpetensya sa presyo ng bumabahang inangkat na bigas.

**Hindi na tataas pa at malamang na bababa pa nga ang kasalukuyang presyo ng pagbili ng palay mula sa mga magsasaka dahil babaha sa pamilihan ang inangkat na bigas na mura kaysa sa lokal na produkto.** Wala ring

makabuluhang epekto ang kakarampot na bolyum na bibilhin ng NFA mula sa mga magsasaka para sa 'buffer stock' laluna dahil malaya na ang ahensyang bumili nang direkta mula sa malalaking 'traders'.

Bago pa ang RTL, ginagamit na ng reaksyunaryong gubyerno ang NFA upang mailusot ang labis na pag-aangkat ng bigas sa kabila ng pinsala nito sa lokal na produksyon. Noong 2009 hanggang 2012, pinagamit ng NFA sa pribadong sektor ang kanyang P12 bilyong '**tax exemption subsidy'** upang mapalaki ang bolyum ng bigas na maaaring iangkat ng mga malalaking kapitalista nang walang kinakailangang bayarang taripa. Ang masahol pa, umaabot lamang sa taunang 0.8% ang palay na binibili ng NFA mula sa nakatakda sanang 10% ng lokal na produksyon.

Dahil sa neoliberal na balangkas na sinusunod ng reaksyunaryong gubyerno, hindi umaabot sa 5% ng pambansang badyet ang ilinalaang pondo para sa pagpapaunlad ng agrikultura. Ang RCEF naman na ipinagyayabang ng gubyerno ay pakikinabangan lamang ng mga panginoong maylupa. Sa simula pa lamang, hindi na kinikilala ng reaksyunaryong gubyerno ang mga tunay na nagbubungkal ng lupa bilang mga magsasaka. Sa gayon, didiretso lamang ang P10-bilyong pondo sa bulsa ng mga panginoong maylupa na siyang may kontrol sa malalawak na lupaing agrikultural. Magsisilbi rin itong balon ng korapsyon ng mga ahensya ng gubyerno sa porma ng pangungurakot at pagtatayo ng mga huwad na kooperatiba at *credit unions*.

Sa pagkalugi at pagkawala ng kanilang kabuhayan, mapipilitan ang mga magsasakang ibenta ang kanilang lupa. Ibubunga nito ang rekonsentrasyon ng mga agrikultural na lupain sa mga panginoong maylupa at mabubuksan ito sa dayuhang pamumuhunan at pagpapalit-gamit. Sinusuhayan ito ng Rice Industry Roadmap na nagbibigay basbas sa pagkontrol ng mga dayuhang mamumuhunan at malalaking panginoong maylupa sa mga kagamitan ng produksyon tulad ng lupa at makinarya sa pagtatanim ng palay.

Wala ring probisyon ang RTL na nagtitiyak na hindi maaaring isailalim sa pagpapalit-gamit ang mga agrikultural na lupaing maaari nang maging pag-aari ng mga dayuhan at pribadong entidad. Liban sa malaya na ang mga dayuhang namumuhunan na manghimasok at kontrolin ang lokal na produksyon ng palay, malaya rin nilang ibukas ang mga lupaing ito sa kumbersyon para sa dayuhang plantasyon at iba pang pamumuhunang hindi para sa agrikultura kailanman man nila ito naisin.

Ang mga dating lupaing agrikultural ay magsisilbi sa malalawak na agribisnes, plantasyon, mga proyektong ekoturismo, pagmimina, mga enklabo ng paggawa at pagtatayo ng iba pang komersyal na gamit. Samantala, ang milyun-milyong magsasakang mawawalan ng kabuhayan ay magiging balon na lamang ng murang-paggawa.

**Ikalima,** Sa pagbabago ng oryentasyon ng NFA, maraming kawani ang mawawalan ng trabaho. Lalong tataas ang tantos ng disempleyo. Higit na madali na para sa mga malalaking negosyanteng baratin ang sahod, panatalihing kontraktwal at pagkaitan ng mga benepisyo ang kanilang mga empleyado.

## *Mga Hamon sa Rebolusyonaryong Kilusan*

Hindi matutugunan ng mga neoliberal na patakarang tulad ng RTL ang krisis na dulot ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Lalo lamang nitong itatali ang bansa sa dikta ng imperyalistang US at paitindihin ang kontrol ng mga lokal na naghaharing-uri sa ekonomya ng bansa.

Sa kagyat, dapat mahigpit na labanan ng mamamayan ang Rice Tariffication Law at iba pang mga neoliberal na hakbangin ng rehimeng US-Duterte. Dapat palakasin ang kampanya upang ibasura ito at ipanawagan ang pagpapaunlad ng lokal na produksyon at agrikultura at pagpupundar ng pambansang industriya.

Dapat singilin ang rehimeng US-Duterte sa lantarang pangangayupapa nito sa imperyalistang US at mga lokal na naghaharing-uri. Bigo ang rehimeng US-Duterte na wakasan ang monopolyo sa lupa at protektahan ang ekonomya ng bansa. Ang mga neoliberal na batas tulad ng RTL at Tax Reform Acceleration and Inclusion (TRAIN) na lubhang nagpapahirap sa masa ay sapat na batayan upang pabagsakin ang papet at kontra-mamamayang rehimen.

Kasabay nito, dapat ikawing ang laban sa RTL sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Makakamit lamang ang tunay na reporma sa lupang magsisilbi sa masa kung mapapawi ang mapagsamantalang relasyon na umiiral sa malakolonyal at malapyudal na lipunan sa pamamagitan ng pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

Dapat hikayatin ng rebolusyonaryong kilusan ang pagbubuo ng mga grupong pamproduksyon sa hanay ng masa mula sa kanilang sariling pagsisikap. Itaas ang kanilang pampulitikang kamalayan at itaas sa antas ng mga kooperatiba ang mga grupong tulungan upang higit na magsilbi sa kapakinabangan ng mamamayan.

Sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo, ihinahanda ang mga pundasyon ng isang planadong ekonomyang titiyak sa soberanya at seguridad sa pagkain. Nagsisilbi ang pagsulong ng rebolusyong agraryo sa paglawak ng baseng masa at pagsulong ng armadong pakikibaka tungo sa pagtaas ng antas ng matagalang digmang bayan.

*Karagdagang Babasahin:*

- Lipunan at Rebolusyong Pilipino
- Ibon Foundation, Gabay sa Talakayan: Hinggil sa Rice Tariffication
- Silyab, Ispesyal na Isyu Hinggil sa Krisis sa Bigas (Hunyo 2008)
- Praymer ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) hinggil sa krisis sa bigas (Mayo 2008)

*Karagdagang Talahanayan:*

| PRUBINSYA | PRESYO SA PAMILIHAN (SETYEMBRE 2018) |
|---|---|
| Albay | P47 – P57 |
| Camarines Sur | P44 – P56 |
| Masbate | P45 – P58 |
| Sorsogon | P44 – P56 |
| Catanduanes | P43 – P56 |

---

TALASALITAAN

Taripa – Buwis na ipinapataw sa produktong inaangkat mula sa ibang bansa.

Quantitative Restrictions – Partikular na limitasyon sa bolyum ng mga produktong maaaring iangkat mula sa ibang bansa.

Tunay na Reporma sa Lupa - Rebolusyonaryong programang nakatuon sa pagwakas sa monopolyo sa lupa ng naghaharing-uri at kaakibat na pyudal at malapyudal na pagsasamantala sa magsasaka. Libreng ipamamahagi sa magsasaka ang lupa ng mga dayuhang imperyalista, malalakang burgesyang kumprador at panginoong maylupa matapos kumpiskahin at inasyunalisa ito.

Bound Rates o Tarriff Binding – Pinakamataas na halaga ng taripang napagkasunduan ng isang bansa at ng WTO.

Buffer Stock – Pinakamainam na bolyum ng isang produkto na kailangang panatilihin sa lahat ng pagkakataon upang matiyak ang seguridad ng mamamayan sa pagkain sa panahon ng kagipitan.

Farmgate price – Presyo ng pagbili mula sa mga magsasaka.

Taripikasyon – Ang pagtatanggal ng lahat ng kantitatibong restriksyon (QR) o limitasyon sa bilang o bolyum ng mga produktong maaaring iangkat mula sa ibang bansa at pagpapataw na lamang ng taripa.

Minimum Access Value (MAV) – Bolyum ng partikular na agrikultural na produktong maaaring iangkat nang may mababang taripa, sang-ayon sa ipinangako ng Pilipinas sa WTO.

Imperyalismo - Huli at pinabulok na yugto ng kapitalismo kung saan napakataas na ang konsentrasyon ng produksyon at kapital sa mga monopolyo na mapagpasyang kumokontrol sa ekonomya ng lipunan. Ang mga pinakamalalaking kapangyarihang imperyalista ay mayroon nang mga teritoryal na paghahati-hati sa daigdig. Ang pagbagsak nito ay ang bisperas ng sosyalismo.

Neoliberalismo - Pagpapalawak ng papel ng dayuhang monopolyo sa pagkontrol ng ekonomya ng bansa. Kinakatangian ito ng imperyalistang kulumpon ng mga patakaran para sa liberalisasyon, pribatisasyon, deregulasyon at laluna ng denasyunalisasyon ng ekonomya ng bansa.

Liberalisasyon – Imperyalistang patakaran ng pagluluwag ng reaksyunaryong gubyerno upang makapasok at makalabas sa bansa ang mga dayuhang pamumuhunan at produkto.

Deregulasyon – Pagbitiw ng gubyerno sa mga regulasyon. Binibiyang-daan nito ang arbitraryong pagdidikta ng mga dayuhang namumuhunan sa presyo ng kanilang produkto o serbisyo.